

Japanese encephalitis

Ano ang Japanese encephalitis

Ang Japanese encephalitis ay sanhi ng Japanese encephalitis virus. Ang encephalitis ay ang pamamaga ng himaymay (tissue) ng utak at karaniwan ay sanhi ng impeksyon.

Kumakalat ang Japanese encephalitis sa pamamagitan ng mga kagat ng lamok at ito ay mas karaniwan sa mga pook na may mas maraming aktibidad ng lamok.

Ang impeksyon sa mga tao sa pinaka-karaniwan ay walang mga sintomas (asymptomatic), ngunit sa mga bihirang pagkakataon, ito ay maaaring humantong sa malubhang sakit at pati sa pagkamatay.

Paano kumakalat ang virus

Kumakalat ang virus sa pamamagitan ng kagat ng isang impektadong lamok. Hindi ito maikakalat nang tao-sa-tao, o sa pamamagitan ng pagkain ng karne na mula sa impektadong hayop.

Ang mga baboy at maillap at ligaw na ibong-tubig ay may mahalagang papel na ginagampanan sa pagkalat ng virus. Ang virus ay dumarami sa mga impektadong baboy, na humahantong sa napakataas na antas ng mga ito sa kanilang dugo. Ang mga lamok na sumisipsip sa dugo ng mga impektadong baboy ay mas malamang na makakuha ng virus at pagkatapos ay maaaring maipasa ito sa mga tao.

Mga sintomas

Kabilang sa mga sintomas ng Japanese encephalitis ang:

- Sakit ng ulo
- lagnat
- mga atake (seizure o fit (lalo na sa mga maliliit na bata)
- paninigas ng leeg
- pag-aantok
- pagkalito at paghantong sa pagde-deliryo at
- coma sa mga malulubhang kaso.

Karaniwan ay inaabot ng 5 hanggang 15 araw sa pagitan ng pagkagat at pagsama ng pakiramdam.

Kung sa palagay mo ay naimpeksyunan ka ng Japanese encephalitis virus, humingi ng agarang medikal na tulong.

Paggamot

Walang gamot para sa Japanese encephalitis. Maaari mong paginhawahin ang mga sintomas sa pamamagitan ng:

- pagpapahinga nang madalas
- pag-inom ng maraming tubig/inumin

- pag-inom ng paracetamol para sa sakit o lagnat.

Sa mas malulubhang mga kaso, maaaring kailanganing magpaospital at maobserbahang mabuti.

Paano poprotektahan ang iyong sarili

May dalawang paraan upang mahadlangan ang Japanese encephalitis:

1. iwasang makagat ng mga lamok
2. magpabakuna laban sa virus

Mapoprotektahan mo ang iyong sarili laban sa virus sa pamamagitan ng mga sumusunod:

- iwasan ang mga pook na na malapit sa mga latian (wetlands) na may napakaraming lamok kung saan maaaring may mga ibon at ligaw na baboy
- kapag nasa labas, magsuot ng maluwag, di-madilim na kulay na pamprotektang damit at takpan ang mga paa, binti, at braso
- iwasang lumabas sa mga oras na pinaka-aktibo ang mga lamok – bago lumubog ang araw, sa gabi at kasisikat lang ng araw
- gumamit ng mga personal repellent na may taglay na diethyl toluaminde (DEET), picaridin o PMD (kinatasang lemon eucalypt) sa mga nakalantad na bahagi ng balat
- tiyaking ang mga sanggol at bata ay may sapat na proteksyon laban sa pagkagat ng lamok
- gumamit ng mga katol, mga device na pinapainitan ng kandila o pinapatakbo gamit ang gas na may mga pad na nilagyan ng pamatay-insekto sa mga lugar sa labas na nakakanlong o hindi masyadong mahangin
- tiyaking nasa mainam na kondisyon ang mga fly-screen sa mga bahay o caravan
- matulog sa mga tent na di-mapapasukan ng lamok o magkulambo kapag nagka-kamping
- itapon ang anumang tubig – mula sa mga sisidlan kung saan maaaring magparami ang mga lamok.

Para sa impormasyon tungkol sa Japanese encephalitis, bisitahin ang <https://nt.gov.au/wellbeing/health-conditions-treatments/viral/japanese-encephalitis>

Para sa impormasyon tungkol sa Japanese encephalitis sa mga hayop, kabilang ang mga palatandaan ng sakit, bisitahin ang <https://nt.gov.au/japanese-encephalitis>